email: uma.pilipinas@gmail.com | www.umapilipinas.wordpress.com | twitter: @UMApilipinas

Ang UMA

OPISYAL NA PUBLIKASYON NG UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

Ika-9 Isyu (Filipino / English) Taon XIII, Blg. 1 | Enero - Hunyo 2018

# DUTERTE, PAHIRAP SA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

## EDITORYAL

Sa pagpasok ng ika-3 taong panunungkulan ni Duterte, lubos na nahayag ang mukha nito bilang representante ng mga malalaking panginoong maylupa, oligarkiya at dayuhang Agri-Business Plantations sa bansa. Makikita ito sa lahat ng mga polisiya at patakarang ipinatupad na taliwas sa kanyang pangakong binitawan bago siya iniluklok sa poder ng mga Pilipino na umaasa sa pagbabago.



*DU30MONYO, effigy ng Kilusang Mayo Uno sa araw ng paggawa*

Sa kabila ng ipinangalandakang tatapusin ang ENDO, ang mga polisiya na ipinasa ng gobyernong Duterte ay pagpapatuloy lamang ng mga dati nang mga polisiya at batas na may kinalaman sa kontraktwalisasyon.

Noong March 16, 2017, si Labor Secretary Silvestre Bello ay nag-isyu ng DO No. 174. Ang Department Order na ito ay hindi nagpapawalang-bisa sa kontratwalisasyon bagkus nagbabawal lang sa "labor-only contracting scheme" na nakapaloob na noon pa sa *Labor Code* bilang illegal na eskema.

Noong namang Mayo 1, 2018, sa araw ng paggawa, pinirmahan ni Duterte ang EO No. 51 na nagbabawal sa illegal contractualization scheme. Kagyat na kinondina ito ng lahat na mga labor groups bilang pang-uuto at pang-iinsulto ni Duterte sa kahilingan ng milyon-milyong manggagawang pilipino na patuloy na dumaranas ng hindi makabuhay na sahod at kawalang seguridad sa trabaho.

Sa NCR, ang ang itinakdang minimum na sahod ay P512.00 bawat araw. Ito ay napakalayo sa

>> PAHINA 2

TUTULAN << MULA SA PAHINA 1

itinakdang halaga ng NEDA na P1,400.

Ang average minimum wage sa non-agricultural sector sa lahat ng mga rehiyon ay umaabot sa P330.47 bawat araw sa buwan ng Abril 2017 pero ang actual purchasing power nito ay P208.38 lamang. Ito ay nangangahulugan na ang sahod ng bawat manggagawa na kumikita ng P9,914.10 kada buwan base sa average minimum wage na ito ay umaabot lamang sa P6,251.40 kada buwan.

Ang sadlak na kalagayan ng sahod ng mga manggagawang Pilipino ay masasalamin sa hanay ng mga manggagawang bukid, kung saan makikita ang mas masahol na pagsasamantala. Ang mga manggagawa bukid ay makikita sa plantasyon ng tubo, saging, pinya, goma, palm oil, palay, tabako at iba pa.

Sa mga hacienda ng tubuhan, na kung saan umaasa ang mahigit 780,000 na mga manggagawa sa hacienda, nabubuhay lamang ang mga ito sa average na kitang P1,500 to 2,000 bawat kinsenas. Ang sektor na ito ay walang seguridad sa trabaho at malimit na hindi tumatanggap ng sahod na itinakda base sa Minimum Wage at mga benepisyo base sa Labor Standards Law katulad ng SSS at PhilHealth. Mas lumala pa ang kalagayan ng mga ito sa panahon ng Tiempo Muerto o off milling season kung saan walang trabaho sa loob ng mga hacienda.

Milyon-milyon ang mga manggagawang bukid sa mga plantasyon na kalakhan ay makikita sa Mindanao. Karamihan sa kanila ay Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) na pumapasok sa mapanlinlang at makaisang panig na Agri-Business Venture Agreements (AVAs). Pwersahang isinailalim sa iba't ibang eskema ang lupa ng mga ARBs sa kolaborasyon ng DAR, matataas na opisyal ng gobyerno at mga malalaking panginoong-may-lupa na lokal at dayuhan.

Walang pagbabagong kinakaharap sa pang-ekonomiyang kalagayan ang mga manggagawang bukid at magsasaka sa ilalim ng US-Duterte. Taliwas sa kanyang mga pangakong tapusin ang ENDO at repormang agraryo, ipinatupad nya ang TRAIN Law noong Enero, 2018, bilang kanyang "Christmas Gift" sa mamamayang Pilipino. Naging dahilan ito ng pagtaas sa presyo ng krudo at pamasahe at ng lahat ng bilihing pangangailangan ng mga mahihirap.

Sa TRAIN Law nagmumula ang dobleng pasahod ng mga pulis at militar. Dito rin manggagaling ang 70% ng pantustos sa programang Build, Build, Build ni Duterte para sa malakihang imprastrakturang para mahikayat ang mga dayuhang mamumuhunan na mag-negosyo sa Piipinas.

Ngunit, panlilinlang lamang ang programang Build, Build, Build ni Duterte dahil maliban sa pagpapapasan ng TRAIN sa mahihirap, mangungutang din ito ng Milyon-milyong dolyar sa Tsina sa interes na 3% sa halip na 0.25% na inaalok ng ibang bansa. Taliwas din ito sa sinasabing employment generation para sa mga Pilipino dahil isa sa kondisyon ng utang sa Tsina ay ang 70% ng manpower requirements sa itatayong mga imprastraktura ay mga manggagawang Tsino.

Ang paglaban ng mga manggagawang bukid at magsasaka ay sinasagot ng marahas na reaksyon ng mga mersenaryong militar at mga bayarang goons ng mga panginoong-may-lupa at ng rehimeng Duterte. Sunod-sunod ang pagpatay sa hanay ng mga magsasaka at manggagawang bukid na lumalaban sa kanilang karapatan.

Nangingibabaw ang "kultura ng kawalang-pananagutan", walang habas ang pamamaslang sa mga aktibista na umabot na sa 174, 142 dito ay mga magsasaka at manggagawang-bukid na lumalaban para sa sahod, seguridad sa trabaho at karapatan sa lupa

Sa malalang kalagayan na ito ang mga manggagawa ay walang humpay na nag-oorganisa ng kanilang hanay at sama-samang lumalaban para sa kanilang kagalingan. Ang mga manggagawang bukid ay determinadong ilaban ang kanilang karapatan para sa makabubuhay na sahod at sa pagkontrol sa lupang kanilang binubungkal. Ang "Kampanyang Bungkalan" at "Pagbuwag sa mga Hacienda" ay ang pinakamaunlad na panawagan ng manggagawang bukid para wasakin ang pyudal at mala-pyudal na pang-aalipin at panggigipit ng mga uring malalaking-panginoong-may lupa at oligarkiyang pinaglilingkuran ng rehimeng Duterte. **U**

# TUTULAN ANG TUMITINDING PASISMO NG REHIMENG DUTERTE

Nananawagan ang Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) sa kanyang buong kasapian at sa publiko na tutulan ang tumitinding pagkitil sa ating karapatan ng rehimeng Duterte.




Ang pinakabagong hakbang ng rehimen sa bagay na ito ay alisin ang karapatan ng mga manggagawa at ng mamamayan sa panukalang pagbabago ng Konstitusyon o Chacha para maitayo daw ang isang Federal na sistema ng pamahalaan.

Partikular sa panukalang probisyon hinggil sa mga manggagawa, aalisin na ang mga karapatan sa kaseguruhan sa trabaho, makataong kalagayan sa trabaho, collective bargaining at karapatang magwelga. Hinggil sa katayuan sa trabaho nilalayon ng bagong Konstitusyon na yakapin ang kontraktwalisasyon sa mapanlinlang na mga salitang “seguridad sa trabaho”.

May panukala din sa Chacha na pahintulutan na ang mga banyaga na mag-ari ng lupa sa ating bansa kabilang ang lupang pang-saka. Kung mangyayari ito, titindi pa ang monopoly sa lupa sa ating bansa at kaya ito bilhin ng malalaking dayuhang kumpanya katulad ng Dole at Sumifru.

Mabuti na lamang ay karamihan ng mamamayan, ayon sa surbey ng Pulse Asia ay ayaw ng Chacha. Hindi lamang kikitlin nito ang ating karapatan kundi papanatilihin sa poder sina Duterte at ang kanyang mga alipures sa Kongreso at pamahalaan sa pamamagitan ng panukalang walang magaganap din na eleksyon sa 2019.

Maliban sa panukalang pagbabago ng Konstitusyon may pagnanais din ang pamahalaan na iamiyenda ang Human Security Act (HSA). Ang pangunahing layunin nito ay atakihin ang lahat ng mga kritiko ng pamahalaan sa pagtagurin sa kanilang lahat na mga terorista.

Matatandaan natin na ginamit ang di pa na-aamiyendang HSA kamakailan lamang ng rehimeng Duterte para taguriang terorista ang 600 na mga tao, karamihan dito ay nasa hanay ng mga progresibong sector na nagnanais ng pagbabago.

Kabilang sa mga tinagurian nilang mga terorista ay limang kasapi ng Kaisahan ng mga Manggagawang-bukid sa Batangas (Kaisahan) na miyembro ng UMA.

Isa dito, si Marilyn Hernandez ay ingat yaman din ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) na nakapaloob din sa UMA.

Dagdag pa dito ay ang pagkakalat ng tarpaulin at mga polyeto at pagbabansag sa mga upisyal at kasapi ng UMA na sila ay mga rebeldeng NPA. Kabilang sa mga naisama dito ay sina John “Butch” Milton Lozande na secretary general ng UMA at Christian Tuayon ng NFSW-Negros.

Dagdag dito ay sina Reynaldo Gameng at Cita Managuelod na mga taga Cagayan Valley. Pareho silang kabilang sa pambansang konseho ng UMA.

Sa Bukidnon, 11 na kasapi ng Onyon sa Yanong Obrerong Nagkahiusa (OGYON) ang hinuli ng militar sa Pangantucan at inakusahang mga taga-suporta ng NPA.

Pero higit na mas masahol pa sa mga nabanggit sa lahat ay ang dumadaming bilang ng mga manggagawa sa agrikultura na pinapaslang ng mga goon ng mga panginoong maylupa at mismo ng mga militar at para-militar.

Apat dito ay mga upisyal ng NFSW sa Negros na ang huling pinatay ay si Julius Broce Barellano na binaril ng mga goons ng isang land grabber nung Hunyo 27.

Kaya kinakailangan nating tutulan ang tumitinding pagkitil sa ating mga karapatan. Ginagawa natin ito, hindi lamang para magiit ang ating karapatang pantao, kundi para na rin mapalitan ang bulok na sistema na naglilingkod sa interes lamang ng Estados Unidos at ng kanyang mga alipures na mga kumprador burgesya at panginoong maylupa sa pamamagitan ng kasalukuyang papet na rehimeng Duterte. **U**



# HANDS-OFF SISTER PAT

Si Sister Patricia Fox, o Sr. Pat ay 71 taong madre na nagsilbi bilang missionary sa Pilipinas simula 1990. Siya ay provincial coordinator ng Sisters of Our Lady of Sion, isang internasyunal na katolikong konggregasyon na piniling magtrabaho kasama ng iba't ibang progresibong organisasyon gaya ng KMP, Rural Missionaries of the Philippines (RMP) at Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA).

Sa loob ng kanyang 27 taong paninirahan sa Pilipinas, nakipamuhay si Sr. Pat sa mga magsasaka at katutubo sa iba't ibang parte ng bansa. Kinilala at inaral niya ang kultura, pamumuhay at aspirasyon ng mga ito. Nakita niya na ang pangunahing suliranin ng mga magsasaka ay ang kawalan ng lupa at subsidyo na nagmumula sa gobyerno.

Ang kanyang prisensya sa mga dialogue, piket, kampuhan at bungkalan ay nagbigay ng lakas ng loob sa mga magsasaka at katutubo. Ayon kay Sr. Pat; ang kanyang misyon ay ibahagi sa mga mahihirap ang mabuting balita mula sa simbahan. Ito ay ayon sa panlipunang pagtuturo ng simbahan na pagkakaroon ng lupa ng mga magsasaka, trabaho at nakabubuhay na sahod sa mga manggagawa, pabahay sa mahihirap at iba pa. Ito ay lubos n'yang naintindihan sa nakipamuhay sa mahihirap.

Isang lingo matapos ang Internation Fact-Finding and Solidarity Mission sa Mindanao na dinaluhan ni Sr. Pat, siya ay inaresto ng Bureau of Immigration (BI) at idinitena ng halos 24 oras. Siya daw ay "undesirable alien" dahil sa paglahok niya sa mga "political activities". Dumagsa ang mga taong simabahan, mambabatas at mga lider ng mga sector sa BI. Kinundena nila ang ilegal na pag-aresto at nanawagan na palayain si Sr. Pat. Kinalampag ng iba't ibang sector ang nasabing ahensya. Kinabukasan ay pinalaya si Sr. Pat.

Matapos ang ilang araw, ipinaabot ng tagapagsalita ng Malacanang ang paumanhin sa pagkakahuli kay Sr. Pat. Ngunit matapos ang ilang oras, ipinahayag ni Duterte na siya ang direktang nag-utos

upang imbestigahan si Sr. Pat. Sinundan niya ito ng mga tirada laban kay Sister. Inakusahan niya ito na bastos at nakikialam sa soberanya ng Pilipinas. Ikinagalit ito ng maraming Pilipino na kumikilala sa dedikasyon at pagmamahal ni Sr.Pat sa bansa. Naging usap-usapan ito hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo.

Habang patuloy ang panggigipit ni Duterte gamit ang BI, naging matatag si Sr.Pat sa kanyang laban. Nanindigan siya na ang pakikiisa sa mahihirap at pinagsasamantalahan ay hindi isang krimen, at ito ay naayon sa kanyang misyon bilang katoliko. Ayon sa kanyang mga abugado, kapag hinayaan na lapastanganin ang karapatan ni Sr. Pat, maari na rin itong gamitin sa iba pang mga misyonarong tumutungo sa bansa upang tumulong at makipamuhay sa mahihirap. Gaya na nga sa ginawa sa tatlo pang misyonaryo mula sa United Methodist Church na hinuli at ikinulong ng BI dahil di umano sa pagsama sa International Solidarity Mission sa Mindanao.



Maliban sa panggigipit kay Sr. Pat, nagtuloy-tuloy din ang pagbanat ni Duterte laban sa simbahan. Sa kanyang mga talumpati ay binansagan niyang "stupid" ang panginoon. Gayon din ang pagkwestyon niya sa "story of creation" na naksaad sa biblya. Kasabay nito, ang sunod-sunod na pagpatay sa mga pari na hindi man lang kinundena ng pangulo bagkus ay ginamit pa bilang paninira sa mga kristyano. Ang pambabastos sa relihiyon ay ikinagalit ng maraming Pilipino.

Nagdesisyon ang Department of Justice na walang legal na batayan ang pagpapaalis kay Sr. Pat gamit ang 'visa forfeiture' ngunit inutusan nito ang BI na ipagpatuloy ang kaso kay Sr. Pat ng naayon sa batas. Kinilala ni Sr. Pat ang malaking ambag ng mga taong simbahan, abugado, human rights workers, mga sektor at indibidwal na sumuporta sa kanyang laban.



Habang naghihintay ng pinal na resolusyon sa kanyang kaso, pinagpapatuloy ni Sr. Pat ang kanyang misyon sa Pilipinas. Nagtutungo siya sa mga komunidad ng mga magsasaka, manggagawa at maralita. Patuloy siyang sumusuporta sa mga bungkalan ng mga magsasaka. Nagbabahagi ng kanyang adbokasiya at karanasan sa iba't ibang simbahan, organisasyon at mga paaralan. Hindi matitinag kahit pa ni Duterte ang isang Sr.Pat na nakaugat ang pagmamahal sa bansa sa tunay na panlipunang pagbabago na aspirasyon din ng maraming Pilipino. **U**

# Tuloy-tuloy na Tagumpay sa Bungkalan



Ang walang habas na paglawak ng mga plantasyon at pananatili parin ng mga hacienda sa bansa ang nagpapatindi sa kahirapan ng mga manggagawang bukid at maliit na magsasaka. Kaya naman ang kampanyang bungkalan ay paggigiit ng kanilang mga karapatan. Di lamang sa pagkaroon ng sariling lupa, ngunit pati ang kalayaan na mamahala nito nang hindi dinidiktahan ng mga panginoong maylupa, agri-korporasyon, at mga neoliberal na patakaran.

Kamakailan lang, matagumpay na nakapaglunsad ng bungkalan ang Hacienda Maasin Farmers and Farmworkers Association (HMFFWA) noong Hunyo 6. Ang HMFFWA ay isang local na sangay ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) sa Negros. Sa kaparehas na buwan, isa ding myembro, ang AIDSISA Farmworkers' Association, ang pumosisyon sa lupaing ilegal na binili ng Diamond Factor Corporation sa Silay City.

Kasama din sa tagumpay ng kilusan ang bungkalan ng Mamumugon kag Mangunguma sa Hacienda Esperanza-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (MAMAEZ-KMP) noong Abril 6.

Sa loob ng 22 na taon, ay nanatili ang kontrol ng lupain sa mga malalaking hasyendero sa pamamagitan ng sistemang aryendo o pagpaparenta sa lupa.

Sa Mindanao, ang Nagkahiusang Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. (NARBAI) ay nagbalik-tikad sa Tagum, Davao del Norte noong Enero. Ang lupaing ito ay matagal na kinontrol ng Lapanday sa pamamagitan ng Agribusiness Venture Arrangement (AVA) gamit narin ang kooperatibang Hijo ARB Cooperative (HARBCO).

Ang mga naipanalong laban sa bungkalan ay matagumpay ding dinepensahan. Sa Dasmariñas, Cavite, nabawi muli noong Hunyo 28 ang inokupang lupain ng Kalipunan ng mga Lehitimong Magsasaka sa Lupang Ramos (KASAMA-LR). Ito ay matapos agawin ng mga dating myembro nito ang lupain para ipagbili sa mga Ayala na patuloy na nagmamaneobra para makamkam ang lupa ng mga magsasaka.

Ang mga bungkalan na ito ay nagpapakita lamang ng matinding pangangailangan para ipatupad ang tunay na reporma sa lupa. Inaasahan na marami pang puputok na kampanyang bungkalan matapos umurong ang pamahalaan sa usapang pangkapayaan kasama ang National Democractic Front of the Philippines (NDFP). Pipirmahan na sana dito ang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER) kung saan nakasaad ang pagpapatupad ng repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon.






**KA BUTCH LOZANDE** *pambansang kalihim ng UMA at NFSW sa paanan ng Mendiola, June 8, 2018*

## *Facilitators' Training Hinggil sa Social Amelioration Program (SAP), Inilunsad!*

Inilunsad ang isang facilitators' training hinggil sa Social Amelioration Program sa Bacolod City Negros Occidental noong Abril 11-14, 2018 sa pangunguna ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) at National Federation of Sugar Workers (NFSW).

Layunin nito na makapagbigay-kasanayan sa pagpapalaganap ng SAP at upang ikampanya at ipanawagan ang direktang pamamahagi nito alang sa kapakinabangan ng mga manggagawa sa industriya ng asukal.

Ang nasabing pagsasanay ay dinaluhan ng mga delegado mula sa Negros Occidental, Negros Oriental, Panay, Batangas, Cagayan Valley, Gitnang Luzon at Mindanao. Naroon din ang mga representate mula sa Bureau of Workers with Special Concerns (BWSC) sa pangunguna ni BWSC Director Karen Trayvilla.

Nagkaisa ang mga partisipante na habang mahalagang igiit na makuha ang mga benepisyo ng SAP, ang tunay na repormang agraryo parin ang sasagot sa krisis na dinaranas ng mga manggagawa sa asukal. **U**




## *IKA-30 Anibersaryo ng CARP Minarkahan ng Protesta*

Minarkahan ng kilos-protesta ng mga grupo ng mga magsasaka na nagtipon sa Mendiola noong June 8, 2018 ang ika-tatlumpung anibersaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

Mariing kinukundena ng mga organisasyon sa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang pagiging inutil ng batas na sa loob ng tatlong dekada ay lalo pang nag-tulak sa labis na kahirapan sa kanayunan dulot ng kawalan at kakulangan ng lupang sinasaka.

Ayon kay John Milton "Ka Butch" Lozande, pangkalahatang kalihim ng UMA at NFSW, walang silbi ang CARP at ang tanging solusyon upang mapaunlad ang kanayunan ay sama-samang okupasyon at bungkalan.

"Sa kalagayan na ang rehimeng Duterte ay walang plano para sa repormang agraryo, kinakailangan ang nagkakaisang lakas ng mga magsasaka upang bawiin ang lupang dapat na kanila sa pamamagitan ng pag-buwag sa mga hacienda at plantasyon", dagdag pa niya.

Dinaluhan ang aktibidad ng mga magsasaka mula sa Gitnang Luzon, Timog Katagalugan at ilang magsasaka mula sa Mindanao. Nagkaroon din ng kasabay na pagkilos sa Visayas. Ipinanawagan din ang #StopKillingFarmers dahil sa tumataas na bilang ng pagpaslang sa hanay ng mga magsasaka.

## BALITA




MGA DELEGADO NG INTERNATIONAL FACT-FINDING AND SOLIDARITY MISSION SA MINDANAO, ABRIL 2018

# IFFSM SA MINDANAO, INILUNSAD

MINDANAO- Kabahagi ang UMA sa inilunsad na International Fact Finding and Solidarity Mission sa Mindanao noong April 6-9, 2018. Inilunsad ang misyon upang imbistagahan ang lumalaganap na pamamasalang sa mga magsasaka at katutubo at paglabag sa karapatang pantao, sa buong isla na nakapailalim sa Martial law. Pinangunahan ito ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Tanggol Magsasaka, Asian Peasant Coalition (APC), Mindanao for Civil Liberties, PAN Asia Pacific (PANAP) at iba pang mga organisasyong lokal at internasyunal. Ang mga partisipante ay hinati sa rehiyon ng Northern Mindanao, Caraga at Southern Mindanao. Sa airport pa lang ay sinalubong na ang mga grupo ng harassment at intimidasyon. May mga ipinakalat na mga banner na ang pakay ay pananakot at pagtaboy sa IFFSM teams.

Nakapagtala ang misyon ng 428 forced surrenderee sa SMR. Samantalang 35 porsyento ang itinaas ng pamamaslang sa magsasaka sa Caraga. 313 indibidwal na biktima ng iba't ibang klase ng paglabag sa karapatang pantao sa NMR. Ilang tampok na kaso ay ang pagpasalang ng mga militar kay Aaron Notarte mula sa Agusan del Sur, 23 taong gulang, isang chainsaw operator. Siya ay hinuli ng mga militar habang papunta sa kanyang trabaho, pilit siyang pinapaamin na NPA at nang hindi ito umamin ay pinutulan ng dalawang daliri, pinatakbo saka pinagbabaril hanggang sa mamatay. Ang mga kasong kagaya nito at ang mga numerong nabanggit ay nagsasalamin ng lagim na dulot ng Martial law sa Mindanao. U

Ang UMA

**ISSUE STAFF:** BUTCH LOZANDE
NADJA DE VERA, GI ESTRADA,
ANGIE IPONG, PATRICIA FOX,
MARA MARASIGAN, LEVI FRANCISCO,
BENS MARASIGAN

PUBLISHED BY THE **UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA**
(UMA Pilipinas - Federation of Agricultural Workers)
Mailing Address:
56 K-9th St., West Kamias,
Quezon City, Philippines

For questions, comments, suggestions and contributions, contacts us at
landline: **(+632) 799.2009**
email: **uma.pilipinas@gmail.com**
twitter: **@UMApilipinas**
Find **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura** on Facebook